

Simula sa Hulyo 1, 2019

Kailangan ng mga Mag-aaral na Natanggap sa TK/K-12 ang:

- **Diphtheria, Tetanus, at Pertussis (DTaP, DTP, Tdap, o Td) — 5 dosis**
(OK ang 4 na dosis kung naibigay ang isang dosis sa araw o pagkatapos ng ika-4 na kaarawan.
(OK ang 3 dosis kung naibigay ang isang dosis sa araw o pagkatapos ng ika-7 kaarawan.)
Para sa mga mag-aaral sa grade 7-12, kahit 1 dosis lang ng bakunang may pertussis ang kinakailangan sa araw o pagkatapos ng ika-7 kaarawan.
- **Polio (OPV o IPV) — 4 dosis**
(OK ang 3 dosis kung naibigay ang isang dosis sa araw o pagkatapos ng ika-4 na kaarawan)
- **Hepatitis B — 3 dosis**
(Kindi kinakailangan para sa pagkakatanggap sa grade 7)
- **Measles (Tigdas), Mumps (Biki), at Rubella (MMR) — 2 dosis**
(Parehong ibinigay sa araw o pagkatapos ng unang kaarawan)
- **Varicella (Chickenpox o Bulutong-tubig) — 2 dosis**

Nalapat ang mga kinakailangan sa immunization na ito sa mga bagong tanggap at bagong lipat para sa lahat ng grade, kasama ang mga malilipat mula sa kindergarten.

Kailangan ng mga Mag-aaral na Magsisimula sa Grade 7 ang:

- **Tetanus, Diphtheria, Pertussis (Tdap) —1 dosis**
(Booster para sa whooping cough na kadalasang ibinigay sa 11 taong gulang pataas)
- **Varicella (Chickenpox o Bulutong-tubig) — 2 dosis**
(Kadalasang ibinigay sa mga edad 12 buwan at 4-6 na taon.)

Karagdagan pa, nalapat ang mga kinakailangan sa immunization para sa TK/K-12 sa mga mag-aaral ng grade 7 na:

- may nauna nang nai-file na valid na exemption para sa mga personal na paniniwala bago ang 2016 sa pagkakatanggap sa pagitan ng TK/Kindergarten at grade 6
- mga bagong tanggap

Mga Record:

Iniaatas sa mga paaralan ng California na tingnan ang mga immunization record para sa lahat ng pagtanggap ng bagong mag-aaral sa TK/Kindergarten hanggang grade 12 at sa lahat ng mag-aaral na makakapasa papuntang grade 7 bago ang pagkakatanggap sa paaralan. Dapat ipakita ng mga magulang ang Immunization Record ng kanilang anak bilang patunay ng mga immunization.